THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 05* Enero 29 - Pebrero 4, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 31ST FOUNDING ANNIVERSARY, IPINAGDIRIWANG NG PNP

sundan sa pahina 3





PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2

Minimal on- site capacity

( applying work from home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

Activities and Establishment

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Php800K worth of smuggled cigarettes, naharang sa Zamboanga del Norte

sundan sa pahina 9

## Php3.5M shabu, nasamsam sa buy-bust operation

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

### Ano ang Subpoena?

Ang "subpoena" ay isang proseso na ini-issue sa isang tao at nag-uutos na siya ay dumalo sa isang paglilitis o imbestigasyon upang magbigay ng kanyang testimonya kaugnay ng isang kaganapan. Maaari rin nitong irequire ang pagpapakita o pagdala ng mga dokumentong maaaring magpatotoo o magsilbing ebidensya patungkol sa isang aktong paglabag ng batas.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE 09175382495

SMART 09988490013

LANDLINE (02)87253176

E-MAIL ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

E - SUMBONG

e - SUMBONG SMS Hotline

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph

Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline

Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Mamasapano SAF Survivors, bumisita sa PNP Museum



**Camp Crame, Quezon City (February 1, 2022) - Malugod na tinanggap ng mga tauhan ng PNP Museum sa pangunguna ni PCol Vivencia Ocampo at Dr. Liz Villaseñor kasama sina PMGen Ma.O Aplasca (Ret), PCol Elmar B Sillador (Ret), at Dr. Cecilia Noble ang sampung (10) SAF trooper na nakaligtas sa nangyaring engkwentro sa Mamasapano noong January 25, 2015 sa pangunguna ni PLtCol Rix Villarreal.**

Bago ang paglibot sa PNP Museum, isa-isa munang nagpakilala at ibinahagi ang kanilang aktwal na partisipasyon sa nangyaring engkwentro, kasunod nito ay ang tour proper na pinangunahan ni Dr. Villaseñor. Ipinaliwanag nito sa mga bisita ang bawat detalye ng artifact na nakikita sa loob ng museo lalung lalo na ang bahagi ng SAF 44 corner kung saan nakalagay ang mga mukha at gamit ng mga ito.


Bilang bahagi ng paglilibot, isang maikling palabas ang inihanda kung saan tampok dito ang mga mukha ng ating mga magigiting na bayani.

Pagkahabag at simpatya para sa kanilang mga kasamahan na nagbuwis ng buhay ang makikita sa mga mata ng mga bisita habang pinapanood ang nasabing palabas na tila kahapon lamang nangyari kahit na pitong taon na ang nakalilipas.

Samantala, personal namang ibinigay ni PSSg Jessie Surio sa PNP Museum ang isang Kevlar Helmet na kanyang ginamit sa engkwentro kung saan tinamaan siya sa kaliwang bahagi ng kanyang ulo.

Sa huling bahagi ng kanilang pagbisita, isa-isa nilang ibinahagi ang mga nangyari bago at matapos ang makasaysayang engkwentro sa Mamasapano. *(Panulat ni Police Corporal January Atencio)*

# Gun ban violator, arestado ng Surigao City PNP!




**Surigao City (January 29, 2022) - Arestado ng Surigao City Police Station (CPS) ang isa pang lumabag sa Nationwide Election Gun Ban na ipinatupad ng Philippine National Police (PNP) noong Enero 29, 2022.**

Kinilala ni Police Regional Office (PRO) 13 Regional Director Police Brigadier General Romeo Caramat Jr. ang naaresto na si Reynaldo Quiling Sile, 33 anyos, construction worker at residente ng Brgy. Lipata, Surigao City at nakumpiska sa kanya ang isang (1) unit ng Caliber 45 Infinity Uno Titanium na may serial number na 022457 na may kasamang isang (1) magazine na kargado ng pitong (7) piraso ng live ammunition.

Sa ulat ng Surigao City PS, binisita ni Sile ang tindahan na pag-aari ni Jay Abilong Canpay, 46 anyos, construction worker at residente rin ng Sitio Panubigon Brgy. Lipata Surigao City. Hinahanap nito ang asawa ni Canpay na pinuno ng Purok sa lugar upang humingi ng paliwanag kung bakit hindi nito natanggap ang mga yero mula sa Philippine Red Cross. Biglang naglabas ng baril si Sile sa kanyang sling bag hanggang sa mapatahimik siya ni Canpay na nangako sa kanya na uuwi ang kanyang asawa.

Nang makahanap ng pagkakataon, kinuha ni Canpay ang sling bag ng suspek at pinigilan ito hanggang sa dumating ang mga rumespondeng pulis.

Sa karagdagang pagsisiyasat, si Sile ay nabigo na magpakita ng mga kaukulang dokumento na nagpapahintulot sa kanya na magdala ng naturang baril sa labas ng kanyang tirahan.

"This serves as a warning to those who will violate the implementation of gun ban that the PNP will hunt you down and will put you behind bars" sabi ni RD Caramat Jr.

Nasa kustodiya na ngayon ng Surigao CPS ang suspek para sa disposisyon at pagsasampa ng kaukulang kaso laban sa kanya. *(Panulat ni: Patrolman Jhunel D Cadapan RPCADU13, Photo by: CARAGA PULIS PIO)*

# Pagkuha ng National Police Clearance sa Iligan City, mas pinadali ng Iligan City Police Office




**Iligan City (January 28, 2022) - Nagsagawa ng blessing at ribbon cutting ceremony ang Iligan City Police Office ng Police Regional Office 10 (PRO 10) sa pamumuno ni Police Colonel Dominador Estrada sa kanilang pinakabagong opisina upang makakuha ng National Police Clearance (NPC) sa loob mismo ng isang kilalang mall sa sentro mismo ng lungsod noong Enero 28, 2022.**

Matatagpuan ang NPC office sa 3rd floor Robinsons Place, Macapagal Avenue, Iligan City. Dinaluhan ito ni PRO 10 Deputy Regional Director for Administration, Police Brigadier General Ronaldo Cabral.

"Ang buong hanay ng PRO 10 sa pamumuno ni Police Brigadier General Benjamin Acorda ay nagpapasalamat sa matatag na partnership ng PNP at mga private corporations. The PNP continuous to do its mandate because the organization has valuable partners in the community, just like the Robinsons Corporation", saad ni PBGen Cabral

Ang National Police Clearance office ay bunga ng magandang ugnayan ng pamunuan ng Robinsons sa tulong ni Mr. Danilo Camat, ang Regional Operations Manager ng Robinsons Place at ni Ms. Jazzie Gallemit, ang Mall Operations Manager. Ibinigay ito ng libre at nasa loob mismo ng mall upang maging conducive sa mga kukuha ng importanteng dokumento.

Lubos na nagpasalamat si Police Colonel Dominador Estrada, Iligan City Director, sa lahat ng tumulong upang maisakatuparan ang programa na naglalayong mapalapit at mapadali ang isa sa pangunahing serbisyo ng kapulisan para sa ating mga kababayan. *(Panulat ni NUP Sheena Lyn M Palconite, RPCADU 10)*

# 31st Founding Anniversary, ipinagdiriwang ng PNP



**Camp Crame, Quezon City (January 31, 2022) - Dumalo si Senator Bato Dela Rosa bilang panauhing pandangal sa pagdiriwang ng ika 31st Foundation Anniversary ng Philippine National Police na ginanap sa mismong National Headquarters ng PNP sa Camp Bgen Rafael T Crame, Quezon City nitong Enero 31, 2022.**

Pinuri niya ang organisasyon sa walang tigil nitong pagtataguyod sa pagpapatupad ng batas sa kahit anumang hamon. Aniya, "Throughout the years, we have seen how the PNP marches on to greater heights of honor and glory through its remarkable accomplishments and continuing internal reformation, and even exultantly hurdle vast challenges and difficulties especially during this pandemic."

Nag-iwan din siya ng makabuluhang hamon para sa lahat na huwag kalimutan ang mga nagawa ng mga naunang miyembro ng kapulisan para sa kapakanan ng ating pinakamamahal na bayan, aniya, "On this historically significant day, we join the Filipino nation in a fitting tribute to the nameless and countless officers, men and women of the PNP whose blood, sweat and tears nurtured the foundations of what the PNP has achieved today. Let us also not forget the valiant sacrifices of our fallen brothers who died on the battlefield while protecting this country against lawlessness, and the 126 frontliners whose lives were taken by this contagious and deadly COVID-19 virus. Let their memory of heroism and sacrifices serve as inspiration for us to pursue our mission of protecting people's life and liberty."

Samantala, pinuri naman ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos ang mahigit 225,000 na mga active members ng PNP sa pagiging totoo ng mga ito sa pagtalima ng kanilang sinumpaang tungkulin sa pinakamataas na pamantayan ng propesyonalismo, pananagutan, integridad at pagpapatupad ng batas at serbisyo publiko.

"On our 31st year of shining service as the country's national police force, we introduced a new level of professionalism and competency. We continuously delivered effective police operations and investigation amidst the pandemic. This outlook is made more tangible as we increased police presence by maximizing the deployment of personnel for preventive patrol and PCR operations in communities where their services are much needed. Through such actions, we have strengthened our campaign against illegal drugs, crime, terrorism, and corruption while also fighting the unseen enemy in this health crisis", dagdag pa ni PGen Carlos.

Nagpasalamat naman si PNP Deputy Chief for Administration Police Lt. Gen. Joselito Vera Cruz sa patuloy na tiwala at suporta ng ating mga kababayan sa PNP. Aniya, "Asahan po ng ating mga minamahal na kapwa Pilipino na narito ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas na katuwang ninyo hindi lamang bilang mga tagapagbantay at tagapagpanatili ng kaayusan sa komunidad kundi bilang isang organisasyon na tumutulong sa ating mga maralitang kababayan sa lahat ng panahon at oras."

Nagsagawa rin ng Wreath Laying Ceremony sa Bantayog ng mga Bayaning Tagapamayapa para naman sa pagkilala sa kabayanihan ng mga fallen heroes ng PNP.

Dumalo rin sa nasabing selebrasyon sina ASec Manuel Felix, USec Martin Diño, USec Ricojudge Janvier Echiverri, JDir Allan Iral, FDir Louie Puracan, at mga bisita mula naman sa iba't ibang government agencies at NGOs. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

# Higit Php7-M shabu, nasabat sa Rizal




**San Mateo, Rizal (February 3, 2022) - Tiklo ang tatlong (3) tulak ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy-bust operation ng mga operatiba ng pinagsamang operatiba ng Provincial Drug Enforcement Unit ng Rizal Police Provincial Office at San Mateo Drug Enforcement Team/Intelligence Operatives ng San Mateo Municipal Station hapon ng ika-3 ng Pebrero ng taong kasalukuyan.**

Nasamsam sa mga suspek ang may kabuuang 1.1 kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Dangerous Drug Board value na Php7,480,000.

Kinilala ang mga suspek na sina Dierick Dela Cruz, 24 taong gulang na residente ng Marikina City; Jeffrey Dimaano y Javier, 29 taong gulang na residente ng San Mateo, Rizal; at Jeffrey Dalaodao y Del Rosario, 35 taong gulang na residente ng San Mateo, Rizal.

Dinala sa San Mateo MPS ang mga suspek upang sampahan ng kasong paglabag sa Republic Act No. 9165 or Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 dahil sa pagtutulak ng pinagbabawal na droga. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*

# Norwegian National, timbog sa entrapment operation




**Cebu City (January 29, 2022) - Timbog ang isang Norwegian National matapos isagawa ng mga operatiba ng Talisay City Police Station ang entrapment operation nito lamang ika-29 ng Enero 2022 sa R. Duterte St., Barangay Guadalupe, Cebu City.**

Kinilala ang suspek na si Kenny Flashlight, legal age, Norwegian National na nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9995 o Anti-Photo and Video Voyeurism Act of 2009, na kinakasangkutan ng isang (1) menor de edad.

Si Flashlight ay inaresto matapos ikalat ang mga hubo't hubad na larawan ng 16 na taong gulang na biktima sa social media nang walang pahintulot nito, kasabay pa ang pagbabanta nito sa patuloy na pagpapakalat ng mga larawan kung hindi pumayag ang biktima na makipagtalik sa kanya.

Ang akusado ay kasalukuyang nasa pangangalaga ng mga awtoridad para sa kaukulang disposisyon. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## 'KASIMBAYANAN' para sa Ligtas at Mapayapang Halalan sa Bansa

Papalapit na nang papalapit ang Halalan 2022 sa ating bansa. Kaya naman, napakahalaga ng ating ibayong paghahanda at pagtutulungan para matiyak na ito ay magiging ligtas, maayos at matagumpay.

Bilang tugon ng ating hanay, katuwang ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan at sektor ng lipunan ay inilunsad ang 'KASIMBAYANAN', kasama ang religious sector, COMELEC, AFP, PCG, community leaders, at ibang personalidad bilang suporta sa kampanya ng ating pamahalaan para sa ligtas at patas na halalan.

Isa itong angkop na programa hindi lamang para ihanda ang ating pangkalahatang aksyon upang matiyak ang ligtas at patas na halalan, kundi pati na rin na pagtibayin ang ating pangako sa publiko para sa isang non-partisan, ligtas, at mapayapang eleksyon sa bansa.

Lubhang mahalaga ang ating pagkakaisa para sa isang halalan na malaya sa karahasan at katiwalian. Ang marangal at karapat-dapat na pagsisikap na ito ay ating tugon sa direktiba ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte na tiyakin ang isang masiglang demokrasya kung saan mayroong paggalang sa panuntunan ng batas at Konstitusyon bilang isang malayang bansa at may paggalang sa karapatan ng lahat.

Sa pamamagitan ng 'KASIMBAYANAN' ay maipapakita natin sa ating mga kababayan na mananatiling malinis at patas ang halalan sa bansa. Ang suporta ng iba't ibang sektor ng ating lipunan sa programang ito ay nagpapakita ng kanilang kagustuhan at suporta sa layunin nating muling maibalik ang tiwala at kredibilidad sa proseso ng eleksyon.

Samantala, habang pinaiigting natin ang kampanya laban sa ilegal na droga at iba't ibang uri ng kriminalidad, kasabay naman nito ang ating pagsisikap na maisakatuparan ang lahat ng ating paghahanda, kabilang ang seguridad para sa darating na halalan.

Naka-alerto at nakahanda ang ating hanay sa anumang tawag ng tungkulin na mapanatiling ligtas at maayos ang halalan. Patuloy tayong nagbabantay at sumusubaybay sa anumang banta ng karahasan at kaguluhan na makakaapekto sa pagsasagawa ng eleksyon.

Muli tayong nagpapasalaamt sa mga kinatawan ng simbahan at komunidad para sa inyong pakikiisa at pagtutulungan na ating pamahalaan na matiyak ang mataas na integridad, kredibilidad, at transparency sa pagsasagawa ng halalan.

# EDITORYAL

## Kapulisan, simbahan at pamayanan sama-sama para sa payapang halalan

Inilunsad ngayong Linggo ang kampanyang "KASIMBAYANAN" ng pambansang pulisya bilang suporta sa mga hakbangin ng pamahalaan na magdaos ng secure, accurate, free/fair national and local elections (S.A.F.E NLE) 2022.

KASIMBAYANAN o "Kapulungan ng inyong Pulis, ng inyong Sundalo, ng inyong Bantay Dagat, ng ating COMELEC, at lahat ng Lingkod Bayan kasama ang Simbahan at Pamayanan," ay isang kampanyang tulong-tulong na itataguyod ng nagkakaisang mga unipormadong ahensya ng gobyerno at mga sektor ng komunidad upang matiyak ang isang tapat, maayos, at mapayapang halalan.

Kaalinsunod sa lahat ng programa ng pambansang pulisya na laging isinasaalang-alang ang kahalagahan ng partisipasyon ng pamayanan, muling hiningi ng pambansang pulisya ang tulong at suporta ng lingkod bayan advocacy support groups and force multipliers upang maging katuwang sa pagsiguro sa payapang halalan.


Matatandaang nitong nakaraang taon, pinalakas ng pambansang pulisya ang ugnayan nito sa bawat mamamayan nang ilunsad nito ang coalition of lingkod bayan advocacy support groups and force multipliers upang maging katuwang sa mga kampanya nito kontra kriminalidad, iligal na droga, terorismo, korupsyon at pati narin sa pagtulong sa ating mga kababayang lubos na naapektuhan ng pandemya. Ang nasabing koalisyon ay binubuo ng lahat ng sektor ng lipunan.

Napatunayan ngang magandang pormula ito, sapagkat nagkaroon ng solidong saligan ang pambansang pulisya upang mas lumawak ang kapasidad at mas naipaparating ang tulong at serbisyo sa ating mga kababayan. Kaya't ngayong darating na halalan, pinalakas pa ang ugnayan ng mga kapulisan at mga miyembro ng pamayanan upang matiyak ang payapang paglilipat ng kapangyarihan na ginagarantiyahan sa pamamagitan ng malaya, tapat at malinis na halalan.

Nauna nang inanunsiyo ng pambansang pulisya na handa na nilang ipatupad ang lahat ng planong pangseguridad lalo na pagsapit ng election period. Kaugnay nga nito, ang lahat ng pulis mula sa camp crame at regional headquarters ay ibababa sa bayan kung saan sila ay mga botante. Ito ay upang mas dadami ang pulis sa baba at makadagdag sa bilang ng Quick Reaction Force (QRF) na siyang pangunahing reresponde sa anumang insidente.

Mariin naman ang banta ng pambansang pulisya sa lahat ng mga kawatan at iba pang indibidwal na nagbabalak maghasik ng masasamang gawain at samantalahin ang puspusang paghahanda para sa election 2022. Hindi ibig sabihin na nakatuon ang PNP sa seguridad ng halalan ay malilihis na dito ang buong atensiyon ng mga kapulisan sapagka't habang sinisiguro ang kapayapaan para sa halalan ay kaalinsabay nito ang maigting na pagpapatupad ng mga kasalukuyang programa kontra kriminalidad sa tulong ng ating mga kababayang kaisa natin sa ating mithiin para sa kapayapaan.

Sa ating mga kababayan muli naming hinihingi ang inyong suporta at tulong para sa labang ito, ang laban natin para sa maunlad na hinaharap ng ating bayan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Sen. Ronald Dela Rosa, nanguna sa "31st PNP Foundation Day Celebration" sa Camp Crame

Nanguna si dating Philippine National Police Chief at ngayo'y Senator Ronald "Bato" M. Dela Rosa bilang Guest of Honor and Speaker sa "31st PNP Foundation Day Celebration" na ginanap sa PNP National Headquarters, Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.

Mainit na tinanggap ni PNP Chief, PGen Dionardo B Carlos si Senator Ronald Dela Rosa sa nasabing pagdiriwang na kung saan ay highlights nito ay ang pagbibigay ng parangal sa mga natatanging pulis na nagpamalas ng kanilang katangi-tanging gawa at kabayanihan sa Pambansang Pulisya.

Kabilang sa mga tumangganp ng parangal ay sina: PCpt Melvin Baltazar, PRO-1; PLt Solomon Ao-Wac Agayso, PRO-8; PMaj Maynard Danao Pascual, NCRPO; PCol Randy Glenn Guiriba Silvio, AKG; PMaj Emerson Mabilangan Figuracion, IG; PMaj Samuel Banagyo Mangetag Jr., SAF; PMaj Bienvenido Belarmino Probadora Jr., HPG; PLtCol Mark Anthony Doromal Darroca, PRO-6; at si PEMS Jonathan Acabal Nodado, EOD-K9 Group.

Sa naging mensahe ni Senador Dela Rosa, mahalagang gunitain natin anya ang araw na ito na siyang simbolo ng inyong sinumpaang mandato, mula sa pagpapatupad ng batas, pagsugpo sa krimen at ilegal na droga, paglaban sa terorismo, pagtulong sa mga nasalanta dala ng kalamidad at pagiging katuwang ng ating gobyerno sa patuloy na hamon ng kasalukuyang pandemya. "As the former Chief and father of the PNP, I have witnessed how everyone works hardly, contribute and do their shared responsibility, and even in many instances went beyond the call of duty just to ensure the safety and security of our public", dagdag pa ng nasabing Senador.

Nagpaabot naman ng pasasalamat si PNP Chief, PGen Carlos sa pagdalo at pakikiisa ni Senador Dela Rosa para sa pagdiriwang ng "31st PNP Founding Anniversary", nawa'y magsilbing inspirasyon anya sa ating mga pulis ang kanyang mga iniwang mensahe, hindi lamang bilang isang Senador ng bansa kundi minsa'y bilang naging ama ng Pambansang Pulisya.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Sino ang unang umibig sa atin?

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat. Sa pamamagitan ng Kanyang habag at biyaya sa atin ay nananatili tayong malakas at protektado laban sa karamdamang COVID-19.

Sa buwang ito ng Pebrero ay ating ipinagdiriwang ang "Araw nga mga Puso". Sa okasyong ito ay binibigyan natin ng pagpapahalaga ang mahal natin sa buhay. Si nanay, tatay, kapatid, sa mag-asawa, at sa mga magkasintahan. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng regalo, bulaklak, o isang programa ng may tema tungkol sa "Araw ng mga Puso".

Ang Pag-ibig o pagmamahal ang siyang tema sa buwan ng Pebrero. Ang "Salita ng Diyos" ay nagtuturo sa atin patungkol sa Pag-ibig o Pagmamahal. Siya ang pinagmulan ng lahat ng bagay. Ang maranasang umibig at mahalin ng isang tao ang pinakamasayang karanasan natin sa ating buhay. Kung tayo po ay may "Banal na Kasulatan" ay samahan po ninyo ako na buksan ito at pag-aralan po natin.

Ang Diyos ang unang umibig sa atin.

"Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin." 1 Juan 4:19

Sa pagkakalikha pa lamang ng sanlibutan ay napakaganda na ng plano para sa atin ng Panginoong Diyos. Sa "Lumang Tipan" ng Genesis Kabanatang 1 ay nilikha Niya ang lahat ng kailangan ng tao upang mabuhay. Tayo ay nilikha ayon sa larawan ang wangis ng Panginoong Diyos. Bilang isang magulang, kayo man ay may magandang plano para sa inyong mga anak. Tama po ba?

Hindi lang ibinigay ng Panginoong Diyos ang ating pisikal na pangangailangan. Maging ang pangangailangang espirituwal ay ibinigay Niya sa atin. Dahil sa pagrerebelde ng tao at pagsuway sa ipinag-uutos ng Panginoong Diyos sa Genesis 2:15-17 (ASND):

"Pinatira ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden ang taong nilikha niya para mag-alaga nito. At sinabi niya sa tao, "Makakakain ka ng kahit anong bunga ng punongkahoy sa halamanan, maliban lang sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman kung ano ang mabuti at masama. Sapagkat sa oras na kainin mo ito, tiyak na mamamatay ka."

Ang tao ay pinatira sa halamanan ng Eden upang alagaan ang lugar na iyon, ibinigay ang bungang kahoy upang makain ng tao upang mabuhay. Ang utos ay ibinigay na huwag kakain ang bunga ng pagkaalam ng mabuti at masama, na sa oras na kainin niya ito ay mamamatay siya. Sa utos na ibinibigay sa tao at may dalawang posibleng gawin ang isang tao, ito ay ang sumunod o sumuway.

Ang katapatan sa utos ng Panginoong Diyos ay nasubok sa Kabanatang 3 ng Genesis. Sa nabanggit na talata ay pinili ni Adan at Eva na sundin ang ahas. Dahil sa pagrerebelde at pagsuway ng tao ay nagkasala ang tao. Namuhay ng malayo sa presensiya ng ating Panginoong Diyos gayundin ang kamatayang espirituwal. Dahil sa kasalanan ay walang pagkakataon na iligtas ang kanyang sarili sa parusang kamatayang pisikal at espirituwal.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos ay ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak.

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16 (MBB)

Sa pagmamahal ng Panginoong Diyos ay ibinigay Niya ang Kanyang Anak upang mamatay sa Krus ng Kalbaryo sa ikaliligtas ng sanlibutan. Sa pagmamahal ni Jesu Cristo ay ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin.

Wala ng hihigit pa sa pag-ibig ng Diyos sa atin.

Ano ang iyong tugon sa pag-ibig Niya sa atin?

## Toy Vendor, timbog sa buy-bust operations sa Pangasinan

**Urdaneta City, Pangasinan (January 31, 2021) – Isang ginang na nagtitinda ng mga laruan ang naaresto sa pamamagitan ng buy-bust operation na isinagawa ng kapulisan ng Provincial Drug Enforcement Unit (PDEU) at ng Urdaneta City Police Station noong ika-31 ng Enero 2022, bandang 1:45 ng madaling araw sa Brgy. Mabanogbog, Urdaneta City, Pangasinan.**

Ang suspek ay kinilalang si Mimina Makie y Gundul, 35 taong gulang, walang asawa, at nakatira sa Brgy. Guiset Sur, San Manuel, Pangasinan na nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165.

Nakuha mula sa suspek ang isang (1) heat-sealed plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na isang (1) gramo na nagkakahalaga na Php6,800; (12) heat-sealed transparent plastic sachet ng hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na 12 gramo na nakumpiska pagkatapos maaresto; isang (1) Php1000 na ginamit bilang marked money o buy-bust money at apat (4) na tig-isang libo na kopya na ginamit bilang boodle money.

Ang matagumpay na pagkahuli ng nasabing suspek ay sa pagsisikap ng Provincial Drug Enforcement Unit ng Pangasinan sa pangunguna ni Police Major Leo Llamas, Chief, PDEU at sa pakikipagtulungan ng Urdaneta CPS.

Ang operasyon ay naitala/na-capture gamit ang dalawang (2) alternatibong recording device ng itinalagang Data Custodian. Dagdag pa, isinalaysay ng operating personnel na ang accomplishment ng Confiscation Receipt ay isinagawa sa lugar ng operasyon kaugnay ng pagkumpiska ng mga piraso ng ebidensya, sa presensya mismo ng suspek at ng mga kinakailangang saksi.

Ang inyong kapulisan ay walang humpay ang pagsisikap para sa mapayapa na komunidad. *(Panulat ni PSSg Marvin Jake E Romero)*

## Holdaper, arestado sa Antipolo City, Rizal



**Antipolo City, Rizal (February 2, 2022) – Dalawang (2) holdaper ang naaktuhan, ang isa ay arestado habang ang isa ay pinaghahanap pa ng awtoridad sa Antipolo City, Rizal noong Pebrero 2, 2022 bandang 11:38 ng umaga.**


Nakasakay sa motorsiklo ang mga suspek noong magdeklara ng holdap ang mga ito habang nakatutok sa biktima na si Jasvir Jalaf y Ram ang kanilang mga baril.

Dahil sa takot ay humingi ng tulong ang biktima sa mga nakatambay sa nasabing lugar at sa di kalayuan ay nakatanaw na pala si Patrolman Lemuel Romualdo, tauhan ng PNP AVSEGROUP, residente rin ng naturang lugar na noon ay naka off-duty.

Agad na rumesponde si Patrolman Romualdo at kinompronta ang mga suspek, isa sa mga ito ay tinutok ang baril sa kanya at kinalabit ng ilang beses ang gatilyo na dahilan ng pagputok ni Patrolman Romualdo. Binato ng mga suspek ang kanilang mga baril at tumakbo ang isa sa mga ito (aka Jover Dela Cruz) habang ang kasama niya na si Marlon Cruz ay naaresto.

Nakuha naman ang dalawang (2) baril na ginamit sa panghoholdap.

Agad na nakipag-ugnayan si Patrolman Romualdo sa Antipolo City Police Station para sa disposisyon ng naturang insidente at patuloy naman na nagsasagawa ng manhunt operation para sa suspek na nakatakas. *(Panulat ni PSSg Jerome Discion)*



# Chief PNP, pinangunahan ang paglulunsad ng Operation "Ngiting R-PSB" ng PRO 11



**Buhangin, Davao City (February 1, 2022) - Pinangunahan ni PNP Chief, PGen Dionardo B Carlos ang inilunsad na Operation "Ngiting R-PSB" (Oplan Ngisi Para sa Kalinaw og Maayung Kaugmaon) ng Police Regional Office 11, sa pamumuno ni Regional Director, PBGen Filmore Escobal, sa naging pagbisita nito sa PRO 11 sa Camp Sgt Quintin M Merecido, Buhangin, Davao City, nitong Pebrero 1, 2022.**

Kasama sina PLtGen Manuel M Abu, Commander, DIPO-EM; PMGen Michael John Dubria, Director for Intelligence; PMGen Rhoderick Armamento, Director for Information and Communication Technology Management; ASec. Achilles Gerard Bravo, Department of Budget and Management (DBM); at PBGen Escobal, sila ay namahagi ng schools supplies at health kits sa naunang limang benepisyaryo ng nasabing programa katuwang ang mga tauhan ng Camp Sgt. Quintin M. Merecido Hospital.

Kabilang dito ang mga mapalad na residente ng mga conflict-affected Barangays at Geographically Isolated and Disadvantage Areas o GIDAs kung saan dalawa (2) mula sa Kapatagan Digos City, Davao del Sur; isa (1) sa Km. 31, Talaingod, Davao del Norte; at dalawa (2) naman mula sa Gupitan, Kapalong, Davao del Norte na pawang mula sa katutubong grupo.

Layunin ng naturang programa sa pangunguna ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay, na libreng mabigyan ng panibago at magagandang ngiti ang mga katutubo lalo na ang mga kabataang may cleft lip o bingot na hindi kayang ipagamot at ipaopera sa mga malalaking ospital na siya namang prayoridad ng nasabing aktibidad para sa kanilang mas magandang kinabukasan.

Pinapurihan din ni PNP Chief PGen Carlos ang malaking kontribusyon ng PRO 11 sa pagsugpo ng ilegal na droga lalo na ang programa ng R-PSB dahil sa magagandang proyekto nito at mga aktibidad para sa mga kababayan nating nasa GIDAS, na siya ring naglalapit ng mga serbisyo na mula sa gobyerno.

"Thank you so much for this kind of work that you are doing. You are not just doing this for the Philippine National Police and the administration, but you are doing this for our God. Pagpapaabot ng tulong sa mga nangangailangan is a manifestation of our daily worship to a true God," papuri nito. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche A Moraera)*




# Kauna-unahang benepisyaryo ng "Project Atop" ng Alicia PNP, kilalanin!










**Alicia, Bohol (February 4, 2022) - Masayang inihatid ng mga tauhan ng Alicia Police Station na sina PSSg May Amor Sabas at PSSg Zenithal Bandoles, PCR PNCOs, sa direktang pangangasiwa ni PLt Wilson Orapa, Acting Chief of Police, ang mga materyales sa isa sa mga kauna-unahang benepisyaryo sa inilunsad na "Project Atop" nito lamang ika-4 ng Pebrero 2022 sa Sitio Airline, Poblacion, Alicia, Bohol.**

Malugod na tinanggap ni Tatay Agustin Curay, senior citizen, may asawa at anak na PWD, residente ng Brgy. Poblacion, ang 16 na piraso ng yero na gagamitin sa pagsasaayos ng nasirang bubong ng bahay na dulot ng pananalasa ng bagyong Odette sa nakalipas na taon.

Nagpapasalamat naman ang mga kapulisan ng Alicia PS sa mga tumugon at nagbigay ng kanilang tulong pinansyal na dahilan upang malikom ang mahigit kumulang Php8,000 na siyang ginamit sa pagbili ng mga materyales.

Ang "Project Atop" ay naorganisa upang magsagawa ng donation drive na kung saan ang mga malilikom na tulong ay gagamitin upang matulungan ang mga katulad ni Tatay Agustin na mabigyang muli ng ligtas at maayos na tirahan. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Launching of "KASIMBAYANAN" SAFE NLE 2022, isinagawa ng PNP



**Camp Crame, Quezon City (February 3, 2022) - Madaling araw pa ng pormal na sinimulan ang pagdaraos ng 2022 Launching of "Kapulisan, Simbahan at Pamayanan" Secure, Accurate Free/Fair Elections National and Local Election 2022 o ("KASIMBAYANAN" SAFE NLE 2022) na pinangunahan ng Philippine National Police kasama ang Armed Forces of the Philippines, Philippine Air Force, Philippine Navy at Philippine Coastguard at ng iba't ibang Religious Sectors at Community leaders sa buong bansa na ginanap sa mismong National Headquarters ng PNP nitong ika-3 ng Pebrero taong kasalukuyan.**

Naging makabuluhan ang nasabing programa ng magbigay ng mensahe ang iba't ibang Religious Leaders na pinangungunahan ni Most Reverend Oscar Jaime L. Florencio, D.D., Bishop, Military Ordinariate of the Philippines; Alim Naguib Taher, NCR Multi Vice Chair Imam Council of the Philippines; at Bishop Noel Pantoja, National Director, Philippine Council of Evangelical Churches. Ligtas, malinis at payapang halalan 2022 ang bukambibig at dalangin nila para sa lahat ng Pilipino sa darating na Mayo. Nag-iwan din sila ng hamon para sa lahat na magdasal para sa ikabubuti at katagumpayan lalong lalo na sa pagkamit ng Secure, Accurate, Free/Fair Elections (SAFE) sa buong bansa.

Sinundan naman ito ng simbolikong Candle Lighting na taimtim na sinalihan ng lahat ng dumalo sa nasabing okasyon upang mag-alay ng malawakang dasal para sa nalalapit na halalan ng bansa, kasunod ang Ceremonial Pinning ng Safety Election 2022 Pin at ang makahulugang Manifesto Signing na nilahukan naman ng iba't ibang mga lider ng ahensya ng pamahalaan, Religious Sector, Advocacy Groups, Stakeholders at marami pang iba.

Hinimok naman ni Attorney Teopisto E. Elnas Jr., Deputy Executive Director, COMELEC ang lahat na magkaisa tungo sa matagumpay at malinis na halalan 2022, aniya, "As we implement election rules and regulations, one thing for sure—there will be challenges that will come our way. This is not a walk in the park, this will be a hard fight but with the collaboration, with the coordination and unity between and among stakeholders, success is not far for us to reach."

"This activity today is a manifestation that COMELEC alone with its constitutional mandate to administer all laws and regulations relative to the conduct of elections cannot attain its objectives without involvement and participation of us all. Election is not only the concern of COMELEC, it's everybody's concern," dagdag pa niya.

Kabilang din sa nagbigay ng mensahe sina Dr. Arwin Serrano, National Trustee of Parish Pastoral Council for Responsible Voting; at si General Andres C Centino, Chief of Staff, AFP na nagpaabot ng kanilang buong suporta sa pagpapatupad at pagtataguyod ng Safe Accurate Free/Fair National and Local Elections 2022.

Nagpasalamat naman si Police General Dionardo Carlos, Chief PNP sa lahat ng dumalo sa makahulugang seremonya at tiniyak na ang PNP ay manatiling tapat at handa sa pagpapatupad ng ligtas at mapayapang halalan. Aniya, "We will all be together to a commitment that we will perform professionally for this peaceful election. Today we rise and recommit ourselves to God, our country and our people as professional public servants, professional soldiers, professional law enforcers and as a God-centered, service- oriented and family- based Philippine National Police."

"Together let us work in ushering the country to inclusive change as we work together in cascading the goals of a prosperous and a peaceful life for the Filipino people," dagdag pa ni PGen Carlos.

Ang naturang programa ay matagumpay na dinaluhan ng iba't ibang personalidad mula sa ahensya ng pamahalaan, uniformed personnel, Religious Community Leaders, Civic Group Leaders at mga Stakeholders.

Natapos ang selebrasyon dakong alas siyete (7:00) ng umaga sa pamamagitan ng symbolic White Dove Releasing na sinundan naman ng pag-awit ng Pilipinas Kong Mahal at PNP Hymn. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*

# Community Outreach Program, isinagawa para sa mga biktima ng engkwentro sa Gonzaga, Cagayan

**Gonzaga, Cagayan (January 31, 2022) - Nagsagawa ng community outreach program ang pinagsanib puwersa ng mga tauhan ng Gonzaga Police Station; 2nd Cagayan Provincial Mobile Force Company sa pangunguna ni Police Lieutenant Vhee-R Soriano, Platoon Leader at mga kasundaluhan sa pangunguna ni TSG Daniel Antonio noong Enero 31, 2022 sa Sitio Bagsang, Sta. Clara, Gonzaga, Cagayan na kung saan nagkaroon ng engkwentro ang mga kasundaluhan at mga rebeldeng NPA.**

Naging katuwang nila ang mga aktibong miyembro ng Faith-Based Advocacy Group na pinangunahan ni Pastor Harold Pascual.


Nagkaroon ng feeding program at namahagi ng mga food packs, tsinelas at mga damit sa mga residenteng biktima ng engkwentro.


Naging parte din ng programa ang paghimok sa mga residente na huwag suportahan ang mga teroristang grupo sa kanilang lugar, bagkus, ay makipagtulungan sa mga awtoridad sapagkat ang pagpanig sa pamahalaan ang tunay na makakapagbigay sa kanila ng payapa at maayos na pamumuhay.


Makita sa mga kislap ng mata at ngiti ang saya na nararamdaman ng mga residente dulot ng dalang tulong ng mga kapulisan at kasundaluhan.


Ang aktibidad ay isang patunay na ang pamahalaan ay handang tumulong sa mga kababayan nating biktima ng maling ideolohiya. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae Canapi)*






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

Ni: PLt Robert Fabregas

## PSSg Emmanuel Lamigo, Isang Pulis, Isang Ama!

Ang mga alagad ng batas ay tagapangalaga nang kaayusan at kapayapaan ng lipunan, tagapagtanggol ng mamamayan laban sa mga manliligalig, protektor ng mahihina at mga walang lakas sa lipunan. Ang inyong pulisya ang tumutugis sa mga kriminal at mga terorista na naghahasik nang takot at pangamba sa mamamayan. Ang bawat kasapi ng inyong Philippine National Police (PNP) ay nakalaang mag-alay ng sarili upang tuparin ang kanilang sinumpaang tungkulin.

Bilang isang ama, tayo ang haligi ng tahanan at gumagabay sa ating mga anak. Hangad natin ang kanilang magandang kinabukasan. Sinisikap natin na ibigay sa ating mga anak ang isang ligtas na pamayanan, malaya sa kriminalidad at terorismo. Bilang ama, sinisikap natin na makapiling ang ating pamilya lalo na sa mahalagang araw ng kanilang kaarawan.

Ang pamilya ay itinuturing na pinakamahalagang sangay ng komunidad, ng lipunan. Subalit sa mga kriminal at manliligalig, ito ang kanilang pangunahing target na dapat wasakin.

Kaya napakalungkot isipin kung ang isang ama ay lumisan sa mundo sa mismong araw ng kaarawan ng kanyang minamahal na anak.


December 18, 2019 magpapasko na noon kung kaya masayang-masaya si PSSg Emmanuel Lamigo, 39 anyos, Desk Officer ng Marihatag Police Station, Surigao Del Sur. Bukod sa magpapasko na ay birthday din ng kanyang anak kaya mula sa istasyon ng pulisya ay masigla siyang umuwi upang makadalo sa pagdiriwang. Mahal na mahal niya ang kanyang pamilya at sila ang inspirasyon niya sa kanyang propesyon. Nang marating niya bandang 6:30 ng gabi ang harapan ng kanilang bahay sa Barangay Poblacion, agad siyang bumaba sa kanyang motorsiklo. Ngunit sa halip na yakap ng anak ang sumalubong sa kanya ay sunud-sunod na putok ng baril ang umalingawngaw sa paligid. Nabigla man sa pangyayari, nakabunot pa rin ng kanyang baril si PSSg Lamigo upang lumaban subalit tinamaan siya ng punglo sa noo. Lumatag sa lupa ang katawan ng pulis na tinamaan ng mga bala ng cal 45. Umagos ang dugo ng pulis sa harapan mismo ng kaniyang tahanan, kasabay din nito ang pagpatak ng luha ng kanyang pamilya at anak na nagdiriwang ng kaarawan.

Kaagad namang tumakas ang dalawang salarin papunta sa Baybay area sakay ng motorsiklo.

Nagdiwang ang mga kriminal at manliligalig sa matagumpay nilang pagpaslang sa isang pulis, sa isang ama, sa isang kasapi ng komunidad na naghahangad na mamuhay nang payapa at may katiwasayan. Sa kanilang pagbubunyi at pagtangan sa baluktot nilang prinsipyo, ninakawan nila nang ama ang dalawang anak ni PSSg Lamigo, winasak nila ang magandang pangarap ng isang pamilya.

Sa ating mga kapatid na pulis na nasugatan at nag-alay ng buhay dahil sa pagtatanggol para sa ating kapayapaan at Demokrasya, saludo po kami sa inyong katatagan at dedikasyon sa tungkulin!

# Suspek sa robbery hold-up, timbog sa Isabela




**Santiago City, Isabela (February 1, 2022) - Natimbog ang suspek ng robbery hold-up sa Happy Go Shopping Center, Santiago City sa pinagsanib na hot-pursuit operation ng Santiago City Police Office, Echague Police Station at 86th Infantry Battalion ng Armed Forces of the Philippines sa isang liblib na lugar sa Brgy. Dicaraoyan, Echague, Isabela, noong Pebrero 1, 2022.**

Kinilala ng awtoridad ang suspek na si Ernesto Fernando Antonio Jr, 39 anyos, may asawa, residente ng Purok 6 Nabbuan, Santiago City at Chief Maintenance Crew ng nasabing establisyimento.

Natunton ang suspek sa tulong ng isa sa mga ninakaw nitong cellular phone na may Global Positioning System (GPS) na siyang sinundan ng mga operatiba.

Narekober mula sa suspek ang perang nagkakahalaga ng Php144,000, tatlong (3) yunit ng cellular phone, at isang (1) itim na Honda click 150 mula sa bayaw nito.

Samantala, nahukay naman sa tulay ng Malini-Nabbuan sa lungsod ng Santiago ang isang (1) Smith and Wesson caliber .22 revolver na may serial number 411525 at may laman na limang (5) bala na ginamit niya noon sa naturang insidente.

Pinuri naman ni Police Colonel Reynaldo SG Dela Cruz, City Director ng Santiago City Police Office ang maagap na pagtugon at pagresolba ng mga kapulisan sa nasabing insidente.

Nahaharap ang suspek sa kasong Robbery with Intimidation at paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act kaugnay ng Omnibus Election Code of the Philippines. *(Panulat ni PSSg Mary Joy D Reyes, RPCADU 2)*

# Drug pusher, balik kulungan

**Cotabato City (February 2, 2022) - Balik kulungan muli ang isang lalaki matapos maaresto sa isinagawang buy-bust operation ng mga operatiba ng Police Station 4 ng Cotabato City Police Office na pinangunahan ni PMaj Marlon Silvestre, Chief of Police sa 1st Road, Manday, Mother Barangay Bagua, Cotabato City, noong Pebrero 2, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Soy Darping Abdula alyas "Joshua", 27 anyos at residente din ng nasabing barangay.

Naaresto ang suspek matapos umanong mabilhan ng isang (1) pakete ng hinihinalang shabu ang isa sa mga operatiba na nagpanggap na poseur-buyer.

Nakumpiska mula sa suspek ang isang (1) maliit na pakete ng hinihinalang shabu, isang (1) improvised glass tooter na naglalaman ng pinaniniwalaang latak ng shabu at kasamang nabawi ang Php600 buy-bust money.

Mangiyak-ngiyak ang suspek na si alyas "Joshua" dahil sa labis na pagsisisi.

Taong 2019 ng unang maaresto ang suspek dahil sa kaparehong kaso at kamakailan ay nakalaya matapos magpiyansa.

Si alyas "Joshua" ay nasa kustodiya na ng PS-4 CCPO at nakatakdang sampahan ng




kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden C. Corpuz III, RPCADU BAR)*

# Most Wanted Person sa kasong Rape at Child Abuse, arestado

**Bansalan, Davao del Sur (February 4, 2022) - Arestado ang isang lalaki sa isinagawang Manhunt Charlie Operation ng Davao del Sur Police Provincial Office sa pamumuno ni PLtCol Hamlet Lerios, Officer-In-Charge kasama ang Bansalan Municipal Police Station sa pamumuno ni PMaj Richard Dumasig sa Purok 6, Poblacion Uno, Bansalan, Davao del Sur, noong Pebrero 4, 2022.**

**Ang suspek ay kinilalang si Felix Yama Fausto, 58 taong gulang na residente ng Purok 6, Poblacion Uno, Bansalan, Davao del Sur, na nakalista bilang isang Most Wanted Person (City level).**

Nadakip ang suspek sa kanyang mismong tirahan sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape by Sexual Assault at Anti-Child Abuse Law (Sec.5 of R.A. 7610) na may Php200,000 bail kada kaso.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng mga awtoridad upang dumaan sa tamang proseso at booking. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara RPCADU11)*

# Mag-asawa, patay sa pamamaril

**Gubat, Sorsogon (February 3, 2022) - Patay ang mag-asawa sa kanilang mismong bahay sa Barangay Paco, Gubat, Sorsogon pagkatapos pagbabarilin ng dalawang suspek na sakay ng motorsiklo bandang alas dose trenta ng madaling araw ng Pebrero 3, 2022.**

Kinilala ang mag-asawa na sina Rodolfo E. Gaban at Gloria J. Gaban

Ayon mismo sa anak ng mga biktima, biglang pumasok sa bahay ang mga suspek at binaril sa ulo si Rodolfo. Nagmakaawa pa ang ina nito sa mga suspek na huwag siyang idamay subalit binaril din ito.

Patuloy ang imbestigasyon ng Gubat Municipal Police Station (MPS) sa pamumuno ni Police Major Christine Llorin, Chief of Police, upang matukoy ang pagkakakilanlan ng mga salarin para sa agarang pagdakip ng mga ito at upang mabigyan ng hustisya ang pamilya ng mga biktima.

Hinikayat din ni PMaj Llorin na makipagtulungan agad sa Gubat MPS ang sino mang nakakita sa pangyayari. *(Panulat ni Patrolman Adrian L Dayao, RPCADU 5)*

# Php800K worth of smuggled cigarettes, naharang sa Zamboanga del Norte



**Zamboanga del Norte (February 1, 2022) - Sa pinagsamang COMELEC Checkpoint Operation na isinagawa ng 905th Regional Mobile Force Battalion 9, 2nd Zamboanga del Norte Police Mobile Force Company at 42nd Infantry Battalion Bravo Company Philippine Army sa koordinasyon ng Siocon Municipal Police Station, na-flag down ang isang (1) Mitsubishi Canter meat Van na may kargang 58 na kahon ng smuggled assorted cigarettes na may tinatayang halaga na Php800,000 bandang alas-12:30 ng umaga noong Pebrero 1, 2022 sa Brgy M. Francisco, Siocon, Zamboanga del Norte.**

Sa beripikasyon, nabigo ang driver na magpakita ng mga kaukulang dokumento bilang patunay, na nagresulta sa pagkakakumpiska at pagkakakulong nito kasama ang isang 64 taong gulang na babae na pinaniniwalaang may-ari ng mga smuggled na gamit.

Nasa kustodiya na ngayon ng Siocon MPS ang sinasabing may-ari at ang driver gayundin ang mga nakumpiskang gamit para sa tamang disposisyon at pagsasampa ng kaukulang kaso.


Si PCol Giovanni Hycenth Caliao I, Provincial Director, Zamboanga del Norte Police Provincial Office, ay pinupuri ang mga pangkat ng panghuli para sa mahusay na trabaho.

Ang pinaigting na kampanya laban sa mga aktibidad ng smuggling ay makatutulong sa pagpapalakas ng ekonomiya ng ating bansa dahil ang smuggling ay lumilikha ng kawalang-katatagan ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga kita ng pamahalaan mula sa hindi nakolektang buwis at mga tungkulin sa customs. *(Panulat ni Patrolman Tumonong John Ronald, RPCADU 9)*

# 8 Most Wanted Persons ng CARAGA, arestado

**Naaresto ang Top 3 Most Wanted Person ng rehiyon ng Caraga sa pinagsanib pwersa ng Crisis Intervention Unit (CIU), Butuan City Police Office (BCPO) at kapulisan ng Valencia Municipal Police Station si Agustin A. Mier a.k.a ''Otoy", lalaki, 72 years old, kahapon ng ika-3 ng Pebrero 2022 sa Purok-7, Barangay Marawis, Valencia, Bohol sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Child Abuse.**






Arestado rin ang pitong (7) Most Wanted Persons (City Level) ng kapulisan ng Butuan City sa magkakaibang Manhunt Operations na sina Juliano O Neri sa paglabag ng Comprehensive Law on Firearms and Ammunition at tinuturing na Top 1 Most Wanted Person ng Butuan City Police Station 4; Norberto A Manero III para sa Frustrated Murder na tinaguriang Top 1 Most Wanted Person ng BCPS 3; Justin A Ortiz a.k.a "Tin-Tin" para sa kasong Attempted Murder na Top 2 Most Wanted Person ng BCPS 1; Arselytha T Espinosa para sa kasong Qualified Theft na Top 4 Most Wanted Person ng BCPS 1; Jun I Dandanon sa krimen na Multiple Murder na Top 3 Most Wanted Person ng BSPS 4 at Top 8 sa ilalim ng Communist Terrorist Group Priority Target in city level; Hildo Q Bollozos na naaresto ng Butuan City Mobile Force Company na wanted dahil sa Direct Assault with Attempted Murder at Top 3 CTG Top Priority Target in city level; at si Drey Christopher Uriarte para sa Attempted Murder na naaresto ng CIU na Top 5 Most Wanted Person.

"The arrest of these wanted persons is the fruit of the hard work of our operatives," ani BCPO City Director Police Colonel Excelso L Lazaga Jr.

"Butuan local police will not rest in our quest for a much safer community and will work harder for the arrest of those who still try to evade the long arm of the law. Sooner or later, justice will be served to those who have been victimized by these lawless criminals." dagdag pa niya. *(Panulat ni Patrolaman Jhunel D Cadapan, RPCADU13)*

# 5 suspek sa carnapping, arestado



**Cauayan City, Isabela (February 2, 2022) - Arestado ang limang (5) suspek sa carnapping sa Andida Construction, Brgy. Ballacayu, San Pablo, Isabela sa magkahiwalay na checkpoint operation ng mga kapulisan sa Cauayan City, Isabela noong Pebrero 2, 2022.**

Kinilala ang mga suspek na sina Ariston Ventura Camilet, 26 anyos, may-asawa, dumptruck driver; Sanny Nonales Camilet, 58 taong gulang, drayber at parehong residente ng Brgy. Lunec, Malasiqui Pangasinan; Necon Acilio Ediza, 28 anyos, binata, residente ng Brgy. Asin, Malasiqui, Pangasinan; Jerry Orasa Norberte, 36 anyos, may asawa, truck driver at residente ng Brgy. Catablan, Urdaneta Pangasinan at si Joel Camilet Inaldo, 22 taong gulang, binata, helper at residente ng Brgy. Lunec Malasiqui, Pangasinan.

Ayon sa paunang imbestigasyon ng Cauayan City Police Station, humingi ng tulong ang biktimang si Fidel Beltran, caretaker ng kumpanya, sa mga kapulisan na kasalukuyang nagmamando sa isang checkpoint sa Brgy. Tagaran, Cauayan City, Isabela, upang arestuhin ang mga tumangay sa kanilang mga heavy equipment.

Agad naman tumugon ang mga awtoridad at nagpaalerto sa mga kapulisan ng nasabing lungsod.

Dahil dito, naaresto ang tatlong (3) suspek at nabawi ang isang (1) howo trailer truck na may kargang 1 Xia Sheng loader, at isang (1) FAW white dump truck sa kahabaan ng National Highway, Barangay Cabaruan, Cauayan City, Isabela.

Samantala, matagumpay ding nabawi ang isang (1) Isuzu trailer truck na may kargang XGMA backhoe mula sa dalawa (2) pang suspek sa kahabaan ng Cabatuan Road, Brgy. San Fermin, Cauayan City, Isabela.

Sa kasalukuyan, ang limang (5) suspek ay nasa kustodiya ng Cauayan City Police Station at nahaharap sa kasong paglabag sa Anti-carnapping Law.

# 2 Minors, arestado sa kasong pananaksak

**Zamboanga City (January 30, 2022) - Mabilis na rumesponde ang Zamboanga City Police Office (ZCPO) Station 5 sa insidente ng pananaksak na nangyari sa ZamPen Urban Poor, Zone 3, Barangay Boalan, Zamboanga City bandang 12:50 AM ng Enero 30, 2022 na nagresulta sa pagkakaaresto ng dalawang (2) menor de edad na suspek.**

Kinilala ang isang subject na residente ng Porcentro, Barangay Tumaga, Lungsod ng Zamboanga, na di umano ay nobyo ng biktima at ang isa naman ay residente ng RSAF, Barangay Mercedes, Zamboanga City.

Sila ang itinuturong suspek sa pananaksak na nagresulta sa agarang pagkamatay ng biktima na kinilalang si Arnel Fabian y Hebron, 38 taong gulang (LGBT), binata at residente ng ZamPen Urban Poor, Zone 3, Barangay Boalan, Zamboanga City.

Nagtamo siya ng maraming saksak sa iba't ibang bahagi ng katawan na naging sanhi ng kanyang kamatayan.

Nakatakdang sampahan ng kaukulang kaso ang mga naarestong suspek.

Pinupuri ni PCol Alexander Lorenzo, Acting ZCPO Director, ang mga operatiba ng Station 5 sa agarang pagkakaaresto sa mga suspek at sa pagbibigay ng hustisya sa biktima. *(Panulat ni Patrolman Chris Lorenz Angat)*

# Mga bala at iba pang kagamitan, narekober



**Dimasalang, Masbate (February 4, 2022) - Narekober ng mga kapulisan ng Dimasalang Municipal Police Station (MPS), Masbate ang mga daan-daang bala at iba pang kagamitan sa Brgy. G. Alino, Dimasalang, Masbate bandang 10:56 ng umaga ng Pebrero 4, 2022.**

Ayon sa ulat, isang mamamayan ang nagpaabot ng impormasyon sa mga kapulisan ng istasyon na nagsasagawa ng mobile patrol hinggil sa isa umanong kahina-hinalang kulay itim na abandonadong bag at helmet na kanyang nakita sa gilid ng kalsada.

Agad na pinuntahan ng mga operatiba ang lugar at nakita nila ang nasabing bag na naglalaman ng mga sumusunod: dalawang (2) steel magasin para sa carbine na kargado ng anim (6) na bala; 143 rounds ng bala para sa carbine; pitong (7) bala para sa kalibre 22; 17 bala para sa 12 gauge shotgun; isang (1) tape rekorder; isang (1) hand held sewing machine; dalawang (2) negative film; isang (1) flash drive; dalawang (2) marker ink; isang (1) digital moisture meter; isang (1) plantsa sa buhok; isang Bluetooth speaker at charger; dalawang (2) surgical gloves; dalawang (2) screw driver; limang (5) librong pang medikal; dalawang (2) libro para sa mga bata; raincoat at kulay dilaw na T-shirt.

Ang mga ito ay kasalukuyang nasa pangangalaga na ng Dimasalang MPS para sa kaukulang disposisyon.

Samantala, batay sa direktiba ni Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director, Police Regional Office 5, ipinag-utos nito ang imbestigasyon upang tukuyin ang pinagmulan ng mga narekober na mga gamit.

Dagdag pa ni PBGen Estomo sa publiko na wala dapat ikabahala sapagkat ang ating kapulisan ay laging nandiyan nakabantay at naka-alerto upang protektahan at pigilan ang paglaganap ng krimen sa kahit na saang dako ng rehiyon. *(Panulat ni Police Corporal Shiear Kye V. Ignacio, RPCADU 5)*

# NPA Squad Leader, nagbalik loob sa Iloilo



**Bingawan, Iloilo (February 1, 2022) - Sumuko ang isang (1) Squad Leader ng NPA sa Squad 1, SDG Igabon Platoon, Central Front, Komiteng Rehiyon (KR)-Panay CPP-NPA sa Bingawan, Iloilo nitong unang araw ng Pebrero taong kasalukuyan.**

Magkasamang tinanggap ni Mayor Mark Palabrica at Police Lieutenant Ryan Inot ng Bingawan Municipal Police Station ang nagbalik loob na si Ka Vic sa loob mismo ng munisipyo ng Bingawan.

Si Ka Vic ay naging miyembro ng CPP- NPA- NDF ng mahigit 11 taon, nagsimula siyang umanib sa makakaliwang grupo ng siya ay 16 taong gulang pa lamang.

Binigyan naman ni Mayor Palabrica si Ka Vic ng tulong pinansyal na Php10,000 pesos, isang (1) sakong bigas at relief goods habang hinihintay pa niya ang tulong mula sa national government.

Samantala, tiniyak naman ng PNP na sa kabila ng pinaigting at malawakang kampanya nito laban sa terorismo tuloy tuloy pa rin ang programa ng pamahalaan para sa mga kapatiran natin na nagbabalak ng magbalik-loob sa ating pamahalaan. *(Panulat ni Pat Kher D Bargamento)*

# 41 members ng KATABIKO, binawi ang suporta sa CTG sa Mountain Province




**Tadian, Mountain Province (January 30, 2022) - Dahil sa maigting na pagsagawa ng information awareness at negosasyon, opisyal na binawi ng 41 miyembro ng Kasigudan Aywanan Takderan Binangun di Kabunian Organization (KATABIKO) ang kanilang suporta sa Communist Terrorist Group (CTG) sa isang seremonya na ginanap sa Brgy. Bunga, Tadian, Mountain Province noong Enero 30, 2022.**


Ang seremonya ay pinangunahan ng Mountain Province Police Provincial Office (MPPPO), PROCOR Regional Intelligence Division (RID), Regional Intelligence Unit-14, Local Government Unit ng Tadian, at Philippine Army.

Naging bahagi ng programa ang panunumpa ng katapatan sa gobyerno ng 41 miyembro na sinundan ng kanilang pagbasa sa Resolution na tumututol sa presensya ng CTG at idineklara bilang Persona Non-Grata.

Bilang tugon, hiniling ni Colonel Angel Madarang, Deputy Brigader Commander ng 702nd Brigade ng Philippine Army, ang suporta ng 41 miyembro na wakasan ang 53 taon nang insurhensya ng teroristang grupo upang makamit ang matagal nang pangarap ng isang mas ligtas at mas mapayapang bansa.

Bukod pa rito, nag-alok ng scholarship si Ginoong Felizberto Matute, Provincial Director ng TESDA, na magagamit ng mga miyembrong interesadong mag-enrol sa iba't ibang kursong ibinibigay ng ahensya.

Samantala, sa kanyang mensahe, pinayuhan ni Police Colonel Ruben Andiso, Provincial Director ng MPPPO, ang 41 miyembro na maging maingat at mapili sa pagsali sa mga di-kilalang organisasyon upang maiwasang marecruit ng mga CTG. *(Panulat ni PSSg Amyl Cacliong)*



# Php3.5M shabu, nasamsam sa buy-bust operation



**Talisay City, Cebu (February 2, 2022) - Nasamsam sa isang indibidwal ang Php3.5 milyon na halaga ng shabu sa buy-bust operation na isinagawa ng mga tauhan ng Talisay City Police Station sa Barangay Bulacao, Talisay City, Cebu noong Miyerkules ng gabi, Pebrero 2, 2022.**

Kasabay ng nasabing operation ang pagkadakip kay John Casper Macaalay, 21 taong gulang, dating manggagawa sa isang sand and gravel corporation, at residente ng nasabing lugar.

Nakumpiska kay Macaalay ang 525 gramo ng shabu na nagkakahalaga sa mahigit sa Php3.5 milyon, isang (1) unit ng Caliber .22 revolver at buy-bust money.


Ang nasabing akusado ay nahaharap sa mga kasong paglabag sa Section 5 in relation to Section 26 (b), Section 15 ng Article 2 ng RA 9165 also known as the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at Violation of RA 10591, an Act Providing for A Comprehensive Law on Firearms and Ammunition.

Si Macaalay at ang mga nakuhang ebidensya ay dinala sa tanggapan ng Drug Enforcement Unit ng Talisay CPS upang sumailalim sa tamang dokumentasyon at disposisyon.

Pinuri naman ng Pamunuan ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo Carlos ang mga kapulisan ng Talisay at ng buong kabisayaan dahil sa patuloy na pagsasagawa ng operasyon laban sa ilegal na droga bilang tugon sa panawagan ng Pangulong Duterte.

Aniya, "At sa aking panunungkulan bilang hepe ng Pambansang Pulisya ay sisikapin pa nating masugpo at tuluyang wakasan ang ilegal na droga na siyang salot sa lipunan na sumisira sa magandang kinabukasan ng ating mga kabataan sa pamamagitan ng pagtutulungan kasama ang ating komunidad." *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Php2.1M marijuana, sinunog ng mga Sugpon PNP



**Sugpon, Ilocos Sur (January 30, 2022) - Matagumpay na naisagawa ang marijuana eradication sa pinagsanib puwersa ng Ilocos Sur Police Provincial Office (ISPPO) sa pamumuno ni Police Colonel Wilson Doromal, Provincial Director, 1st and 2nd Ilocos Sur Provincial Mobile Force Company (ISPMFC), Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) RO1, Ilocos Sur Philippine Drug Enforcement Unit (ISPDEU), Ilocos Sur Provincial Intelligence Unit (ISPIU) at Sugpon Municipal Police Station (MPS) sa pangunguna ni Police Lieutenant Christopher Bueno bandang 5:30 ng hapon ng Enero 30, 2022.**

Mahigit kumulang na 10,850 fully-grown marijuana plants na nagkakahalaga ng Php2,170,000 sa isinagawang eradication sa Mt. Nakneng, Sitio Nagawa, Brgy. Caoayan Sugpon, Ilocos Sur at Sitio Bekes, Brgy. Tacadang, Kibungan, Benguet.

Nadiskubre ang apat na taniman ng nasabing ipinagbabawal na halaman na may kabuuang sukat na 1,550 square meters.

Pagkatapos maidokumentaryo, ito ay sinunog sa mismong taniman kasama ang mga gomang pandilig at mga pataba upang hindi na ito mapakinabangan pa.

Ito ay parte ng pinaigting na kampanya laban sa ilegal na droga para mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa rehiyon Uno. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan)*

# 3 Indibidwal, tiklo sa buy-bust operation; Php2-M shabu, nasabat!

**Talisay City, Cebu (February 4, 2022) - Aabot sa Php2,000,000 halaga ng shabu ang nasabat sa dalawang magkahiwalay na anti-drug operations ng Police Drug Enforcement Group-Special Operation Unit nitong Biyernes ng gabi, Pebrero 4, 2022.**

Ang operasyon kontra ilegal na droga ay pinangunahan ni PCpt Roy Rondin, Team leader ng PDEG-SOU 7 na nagresulta sa pagkakaaresto ng tatlong durugista sa magkahiwalay na operasyon.

Unang naaresto sina Epifanio Rabuya, alyas Tata, 36 taong gulang, residente ng barangay Capitol Site, Cebu City at Segundo Fucion, 57 taong gulang, residente ng Brgy. Candulawan, Talisay City, bandang alas 7:00 ng gabi ng Biyernes.

Nasamsam ang mahigit 210 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng Php1,400,000 base sa halaga nito sa Standard Drug Price (SDP).

Humigit-kumulang isang oras ang nakalipas nang simulan



ang ikalawang operasyon ng buy-bust operation sa Barangay Lagtang, Lungsod ng Talisay na nagresulta sa pagkakaaresto kay Roger Sarlatan, 54 taong gulang, nakatira sa Barangay Lagtang, Lungsod ng Talisay. Nakuha kay Sarlatan ang hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php680,000.

Sinampahan ang tatlo ng kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, at kasalukuyang nasa kustodiya ng pulisya para sa disposisyon ng kaso. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*


# High Value Individual sa Cagayan, arestado

**Solana, Cagayan (February 2, 2022) - Arestado sa ikinasang anti-illegal buy-bust operation ng pinagsanib puwersa ng Cagayan Provincial Drug Enforcement Unit (PDEU)/Provincial Intelligence Unit (PIU), Regional Drug Enforcement Unit (RDEU), Solana Police Station at Philippine Drug Enforcement Agency 2 (PDEA 2) ang isang negosyante na kabilang sa High Value Individual Regional Priority 10 ng PNP at PDEA sa Luna Street, Centro Northwest, Solana, Cagayan noong Pebrero 2, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Dandy Dayag, 40 anyos, tubong San Roque, Peñablanca, Cagayan na kasalukuyang nakatira sa Centro Northwest, Solana, Cagayan.

Nakumpiska mula sa suspek ang apat (4) na piraso ng pakete na hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php10,000; isang libong piso at tatlong (3) piraso ng Php100 bill na boodle money.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae Canapi, RPCADU 2)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No. 05 * Enero 29 - Pebrero 4, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# "Project Silong", para sa mga katutubong IPs sa Davao del Norte





**Talaingod, Davao del Norte (February 1, 2022) - Patuloy ang isinasagawang Quick Impact Project o QIP's ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Sitio Nasiblan sa pangunguna ni PLt Roland Rubion, Team Leader na tinawag na "Project Silong" o ang pagpapatayo ng bahay para sa mga lubos na nangangailangan na IP's sa Sitio Nasiblan, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte.**

Malapit ng matapos ang konstruksiyon ng naturang bahay na para sa napiling benepisyaryo na si Mansareno Anduaw na malaki ang pasasalamat dahil sa wakas ay magkakaroon na sila ng kanyang pamilya ng sariling tahanan.

Layunin din ng pabahay na ito na tulungan ang mga benepisyaryo at bilang pasasalamat na rin sa kanilang pagtulong sa kapulisan. Gayundin upang magbigyan sila ng isang permanenteng tirahan kasama ng kanilang mga pamilya bilang pagsuporta sa mga layunin ng E.O. 70 NTF-ELCAC.

# NCRPO Project S.I.B.O.L., isinagawa sa Quezon City



**Quezon City (February 4, 2022) - Sa aktibong pamumuno ni Police Major General Vicente Danao Jr, ang Team NCRPO ay muling nagsagawa ng Project S.I.B.O.L. "Simula ng Isang Bagong Oportunidad sa Lipunan" at Serbisyong TAMA BARANGAYanihan Program sa mga residente ng Sitio Bakal, Bagong Silangan, Quezon City noong Pebrero 4, 2022.**

Pinangunahan ito ni Police Colonel Gerson S. Bisayas, Officer-in-Charge, Regional Community Affairs and Development Division (RCADD), Police Colonel Benjamin P. Ariola, DCADD, QCPD, PCpt Gabrielle, Regional Medical and Dental Unit (RMDU) kasama ang NCRPO Retooled Community Support Program (RCSP) Team 1 Bagong Silangan-Payatas sa pangunguna ni PEMS Albert Fontanilla at JTF-NCR sa pangunguna ni SSg Juromy Mirano Platoon Sgt, PA, (INF).

Binigyang-diin sa aktibidad ang pagbibigay ng 2nd dose vaccine sa 49 na miyembro ng Bagong Sibol ng Mamamayan para sa Kaunlaran Inc., dating miyembro ng CAMO (CTG-Affected Mass Organization), pamamahagi ng food packs/ pagkain, bottled mineral waters at pamamahagi ng mga flyers.

Nagkaroon din ng maikling lecture tungkol sa kahalagahan ng COVID-19 vaccine na isinagawa ng mga tauhan ng Regional Medical and Dental Unit sa mga residente ng nasabing Sitio.

Nagbibigay din ng cash assistance ang Team NCRPO kay Ginang Marissa A. Padrequilla, Presidente ng Sitio Bakal para sa pagkamatay ng kanyang asawa.

Ang NCRPO Project S.I.B.O.L. "Simula ng Isang Bagong Oportunidad sa Lipunan" at Serbisyong TAMA BARANGAYanihan Program ay naglalayong ayusin at bigyang kapangyarihan ang Barangay bilang katuwang ng PNP tungo sa kapayapaan, seguridad at kaunlaran, upang tukuyin at hikayatin ang mga miyembro ng Communist Terrorist Group Front Organizations (CTGFOs) na maging mapagmahal at maging produktibong mamamayan.

Gayundin, magkaroon ng livelihood skills training at mga oportunidad para sa mga apektadong barangay at dating CTGFO.

Magtayo ng mga SIBOL livelihood centers at iba pang basic services facility sa mga natukoy na dating kuta ng CTGFO bukod sa pagtulong sa mga lubhang naapektuhan ng kasalukuyang pandemya.

Higit sa lahat, maitanim din sa kanila na ang Gobyerno, PNP at AFP ay kasama nila tungo sa maayos at mapayapang komunidad. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya)*

# Simultaneous Tree Planting, isinagawa ng mga Cagayano Cops



**Tuguegarao City, Cagayan (February 1, 2022) - Nagsagawa ng tree planting activity ang mga Cagayano cops bilang paggunita sa unang anibersaryo ng "I Love Cagayan River Movement: Seedling of Hope" sa Cataggaman Viejo noong Pebrero 1, 2022.**

Pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Santos Baldovizo, Deputy Provincial Director for Administration, Cagayan Police Provincial Office ang aktibidad na kung saan ay 300 na puno ng kawayan ang naitanim sa tabing ilog ng nabanggit na lugar.

Alinsunod din ito sa PNP Core Values na "Makakalikasan" na naglalayong makatulong sa pagsagip sa kagubatan at maibsan ang Climate Change na nagreresulta ng kalamidad, pagguho ng lupa at pagbaha.

Samantala, ang kaparehong aktibidad ay isinagawa sa lahat ng munisipalidad ng Cagayan na kung saan ay 3,935 puno ng bamboo, narra, mahogany ang naitanim sa simultanoues tree planting.

Laking pasasalamat naman ng mga miyembro ng lokal na pamahalaan, mga opisyales ng barangay at mga Advocacy Support Groups ng bawat munisipalidad sapagkat ang aktibidad na ito ay makakatulong lalo na sa mga susunod na henerasyon.

Sa mga nakalipas na taon, isa ang lalawigan ng Cagayan sa mga labis na napinsala dulot ng mga malalakas na bagyo at hangin na sanhi ng Climate Change. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae Canapi)*